
3

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 7: Ang mga Bayani at ang Kanilang Naiambag sa Sariling Lalawigan at Rehiyon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_AP3_Module 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 7: Ang mga Bayani at ang Kanilang Naiambag sa Sariling Lalawigan at Rehiyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Irene D. Infante
**Editors:** Mailen D. Cabillan, Glee S. Cavan, Adelma D. Cudera
**Tagasuri:** John B. Visillas, Jesyl F. Avanceña, Angelica M. Mendoza, Lea C. Manambay, Myleen C. Robiños
**Tagaguhit:** Cris A. Aquino, Aiza Lou A. Bernaldez, Cherie Mae A. Caduyac, Eduardo, Jr. A. Eroy, Jules Bernard G. Guinita, Marvin P. Linogao, Edieson John C. Mag-aso, Sharon C. Marimon, Ryan R. Padillos, Nylle Ernand D. Silayan
**Tagalapat:** Alpha Amor G. Manglicmot, Patrick John P. Peresores, Ronald A. Catedral
**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Janette G. Veloso, Analiza C. Almazan, Danilo R. Dohinog, Maria Cielo D. Estrada, Nelson C. Lopez, Cheerylyn A. Cometa, Christopher P. Felipe, Liza Leonora D. Dacillo, Alicia I. Ayuste

**Inilimbag sa Pilipinas ng _______________________**
**Department of Education – Region XI**

Office Address : F. Torres St., Davao City
Telefax : (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address : region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 7:
## Ang mga Bayani
## at ang Kanilang Naiambag
## sa Sariling Lalawigan at Rehiyon

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Pag-aralan mo sa araling ito ang mga bayani ng iyong lalawigan. Bilang isang bata ay mahalagang makilala sila upang tularan, gawing huwaran ang kanilang mga katangian, mapahalagahan ang kanilang natatanging ambag at kung paano sila nakilala at naging tanyag sa iyong lalawigan o rehiyon.

Sa araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

- natutukoy ang mga katangian ng isang bayani;
- naisa-isa ang mga kinikilalang bayani at mamamayan sa sariling lalawigan at rehiyon; at
- napahahalagahan ang mga naiambag ng mga kinikilalang bayani at mga kilalang mamamayan ng sariling lalawigan at rehiyon (MELC -AP3KLR-IIh-i-7).

## Subukin

Basahin ang bawat tanong. Piliin ang titik ng wastong sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ano pa ang ibang katangian ng isang bayani bukod sa pagiging matapang?

   A. naglalaan ng oras sa mga kabataan
   B. handang ipaglaban ang mga dayuhan
   C. handang ibahagi ang kasanayan sa iba
   D. nagpapakita ng interes sa pamamahala

2. Sa gitna ng sakuna dulot ng lindol, ang mga tao ay nagtutulungan upang mailigtas ang mga naapektuhan. Anong katangian ang ipinakita dito?

   A. malikhain
   B. magalang
   C. masayahin
   D. matulungin

3. Paano natin ginugunita ang araw ng pagkamatay ng ating kinikilalang mga bayani?

   A. pagsasaulo sa kanilang talambuhay
   B. pagpapakita ng sigla sa pakikipanayam
   C. pagbibigay ng regalo sa mga mahihirap
   D. pag-aalay ng bulaklak sa kanilang dambana

4. Tinupok ng apoy ang isang bahay. May isang batang nakulong. Sinaklolohan agad ito ng kanilang kapitbahay. Anong katangian ang pinapakita rito?

   A. malikhain
   B. magalang
   C. masayahin
   D. matapang

5. Bilang mag-aaral, paano mo tutuluran ang isang bayani?

   A. maging moderno sa lahat ng bagay
   B. maging masipag sa mga gawaing bahay
   C. maging madiskarte sa paghahanapbuhay
   D. maging matulungin sa mga taong nangangailangan

# Aralin 1

# Ang mga Bayani at ang Kanilang Naiambag sa Sariling Lalawigan at Rehiyon

## *Balikan*

Basahin ang mga pahayag at tukuyin kung anong likhang sining ang nagpapakilala sa iyong lalawigan. Piliin ang titik ng tamang sagot na nasa loob ng kahon.

a. Davao City People's Park
b. Tower of Light
c. Indak-Indak sa Kadalanan
d. Agila
e. Agong House

_____ 1. Isa sa mga magagandang obra ni Kublai Millan na matatagpuan sa lambak ng Kapatagan sa Digos City.

_____ 2. Tinatawag din itong **street dancing** na pinakatampok sa pagdiriwang ng Kadayawan Festival.

_____ 3. Isang tanyag na awitin ni Joey Ayala na nagpapahayag pagpapahalaga sa kalikasan.

_____ 4. Nagsisilbing tanglaw ng pag-asa at **pilgrimage cente**r sa Andap, New Bataan, Davao de Oro.

_____ 5. Ito ay isang parke na may tema ng kultura na ginawa noong 2007.

*Mga Tala para sa Guro*

Basahin at ipaunawa nang mabuti ang mga panuto sa bawat hakbang at gawain. Ipaalala sa mag-aaral na gumamit ng hiwalay na papel sa pagsulat ng kanilang mga sagot sa mga gawain. Lahat ng sagutang papel at mga proyektong nagawa ay ipapasa sa guro upang mabigyan ng nararapat na marka.

# *Tuklasin*

Sa iyong lalawigan o rehiyon, may kilala ka bang tao na nagpapakita ng pambihirang katangian? Isulat sa talahanayan ang pangalan at katangian nito.

| Pangalan ng Taong Kilala Ko | Mga Katangian Niya |
|---|---|
| | |

Ang pangalan na iyong naisulat ay tiyak na isang mabuting tao. Hindi man ito isang bayani ngunit nagtataglay ito ng katangian na nagpapakilala sa iyong lalawigan o rehiyon. Tiyak na ipinagmamalaki mo ito at tinutularan ang kanyang mga magagandang halimbawa.

# Suriin

Ang mga Pilipino ay nagtataglay ng kahanga-hangang katangian na nagpapakilala at nagpapatanyag sa atin sa ibang lipi. May kilala ka bang tao na labis na ipinagkakapuri ng iyong lalawigan? Sila ba iyong nagbuwis ng buhay para makamit ang kalayaan mula sa mananakop? May napapansin ka bang mga taong ang tanging mithi ay ang mapanatili ang kapayapaan sa bansa? May nakikita ka bang taong nagmamalasakit sa mga mahihirap? Sila ay tinatawag na mga bayani. Nagtataglay sila ng katapangan, pagmamalasakit, pagbibigay tulong, kabayanihan sa oras ng pangangailangan, matiyaga at labis na pagmamahal sa bayan. Ano naman ang turing mo sa taong nagbigay-karangalan sa lalawigan sa larangan ng imbensiyon at siyensiya, isports, musika, sayaw at likhang- sining? Silang lahat ay maituturing din na mga bayani. Sila ay ordinaryong mga mamamayan na nakapag-ambag para sa ikauunlad ng bayan.

Ngayon ay handa ka nang kilalanin ang ilang mga bayani at kanilang naiambag sa iyong lalawigan. Tayo na at isa isahin natin silang kilalanin. Basahin ang sipi ng talambuhay ng ilang mga mamamayan na nag-alay ng kanilang buhay at talento para sa kanilang lalawigan.



Ang Kiukok

Source: NCCA SAGISAG KULTURA

Si Ang Kiukok ay anak nina Vicente Ang at Chin Lim na isang migranteng Tsino na nakatira sa Lungsod ng Davao. Siya ay ipinanganak noong Marso 1, 1931. Nag-aral at nagtapos siya ng Digri sa Sining sa Unibersidad ng Santo Tomas noong 1954.

Kinilala siya bilang pangunahing modernistang pintor sa Pilipinas. Kinatawan din siya sa maraming pagtatanghal-pansining sa Asya. Ang kanyang mga gawa ay nagpapahiwatig ng matatag na damdamin tulad ng pusok, dahas, hinagpis at pagpapasakit. Noong 2001, ay ginawaran siya bilang Pambansang Alagad ng Sining Biswal.




Salinta B. Mónon

Source: NCCA SAGISAG KULTURA


Noong Disiyembre 12, 1930, isinilang sa Bansalan, Davao del Sur si Salinta B. Mónon. Sa edad na labindalawa, hiniling niya sa kaniyang nanay na turuan siyang humabi ng **inabal**, isang tradisyunal na tela ng mga Bagobo. Naging tanyag siya sa paghahabi at hindi matatawaran ang kalidad at disenyo ng kanyang mga gawa.

Ipinagkaloob sa kanya ang Gawad Manlilikha ng Bayan noong 1998 bilang papuri sa pagpapanatili ng sining ng paghahabi. Namatay siya noong Hunyo 4, 2009 sa edad na siyamnapu't isa.



Ang ibang tao naman ay naglilingkod bilang tagapagtanggol sa mga may masasamang hangarin. Sila ay nakikipaglaban upang maging ligtas, maayos at tahimik ang lalawigan. Pinapangalagaan din nila ang mga karapatan ng bawat mamamayan. Bilang pagpapahalaga sa kanilang naiambag, nagkakaroon ng programa upang maigawad ang parangal sa kanilang mabuting nagawa para sa lalawigan at rehiyon.

Minsan naman ay ginugunita ang araw ng kanilang kamatayan sa pamamagitan ng pag-aalay ng bulaklak sa dambana upang sariwain at muling balikan ang kabayanihan na kanilang nagawa. Nagkakaroon ng pagpupugay sa bantayog ng mga namayapang bayani upang ang kanilang alaala ay magpapatuloy sa mga susunod pang henerasyon.




Iba-iba man ang dahilan kung bakit sila itinuturing na mga bayani, nararapat lamang na bigyang-halaga ang nagawa nilang kontribusyon sa lipunan. Sa mga simpleng programang ito ay naipagmamalaki ang kanilang mga naiambag sa bayan.

## Pagyamanin


### Gawain A

Sagutin ang talahanayan sa ibaba. Isulat ang hinihinging impormasyon sa sagutang papel.

| Mga Kinikilalang Bayani ng Lalawigan at Rehiyon | Mga Naiambag |
|---|---|
| | |

### Gawain B


Ang mga larawan sa ibaba ay mga halimbawa ng pagpapahalaga sa mga naiambag ng mga kinikilalang bayani at mamamayan. Alin sa mga gawaing ito ang maaari mong gawin? Pangatwiranan ang napiling larawan sa kuwaderno.



Pakikibahagi ng kaalaman tungkol sa isang bayani.



Paggawa ng **poster** ng isang bayani



Pag-uulat sa talambuhay ng isang bayani.



Pagsasaliksik sa mga nagawa ng isang bayani.

## *Isaisip*

Sa huling yugto ng araling ito, sagutin ang mga sumusunod na tanong ayon sa iyong natutuhan. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

1. Sino-sino ang bayani sa lalawigan na nabanggit?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano-ano ang naiambag nila sa bayan?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Paano mo maituturing na bayani ang isang mamamayan na hindi naman nagbuwis ng kaniyang buhay?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Paano pinahahalagahan ang mga naiambag ng kinikilalang mga bayani sa lalawigan o rehiyon?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

# Isagawa

Sa iyong sariling kakayahan, gumawa ng isang proyekto tungkol sa kinikilang bayani ng kinabibilangang lalawigan o rehiyon. Maaari kang pumili ng isa sa mga nasa ibaba. Dapat isaalang-alang ang pagpapahalaga sa kanilang mga naiambag. Gawin ito sa kuwaderno.

- pagsulat ng tula o sanaysay
- pagguhit ng larawan o poster
- paggawa ng awit o rap

Pamantayan:

| | | |
|---|---|---|
| Orihinalidad | - | 35% |
| Pagkamalikhain | - | 30% |
| Kaugnayan sa paksa | - | 35% |
| Kabuoan | - | 100% |

# Tayahin

Basahin ang mga sumusunod. Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot sa sagutang papel.

1. Sila ay mga mamamayan na nakapag-ambag sa ikauunlad ng sariling bayan. Sila ay nag-alay ng kanilang panahon, talento at buhay para sa kanilang lalawigan.

A. tao
B. bayani
C. kabataan
D. manggagawa

2. Si Ang Kiukok ay kilala bilang pangunahing modernistang pintor sa Pilipinas. Sa anong larangan siya mahusay?

A. sining
B. isports
C. musika
D. siyensiya

3. Hanggang ngayon ay patuloy na ginugunita ang likha ni Salinta B. Monón sa kanyang paghahabi ng **inabal** gamit ang kanyang sariling disenyo. Kilala siya sa pagiging ________________.

A. malikhain
B. magalang
C. masayahin
D. matapang

4. Paano pinahahalagahan ang mga naiambag ng isang bayani?

A. pagbibigay ng isang regalo
B. pasasalamat sa mga pulubi
C. paghahandog ng isang sayaw
D. paggunita sa araw ng pagkamatay

5. Ano ang maaari mong gawin upang maipakita ang iyong pagpapahalaga sa mga naiambag ni Salinta B Mónon sa ating rehiyon?

A. paunlarin ang sektor ng agrikultura
B. palawakin ang kaalaman sa siyensa
C. pangangalagaan ang mga tradisyunal na tela
D. panatilihin ang paggamit ng wikang banyaga

# Karagdagang Gawain

Gumawa ng poster na naglalarawan ng isang pagpapahalaga sa mga naiambag ng mga natalakay na mga bayani ng rehiyon. Gawin ito sa isang **bond paper.**

Pamantayan sa Pagmamarka:

| Pamantayan | Indikador | Puntos |
|---|---|---|
| Konsepto | Naipahayag at naipakita nang maayos ang nilalaman ng poster | 50% |
| Orihinalidad | Orihinal o sariling ideya sa paggawa ng poster | 30% |
| Pagkamalikhain | Wasto ang paggamit ng mga kulay upang maihatid ang mensahe ng poster | 20% |
| Kabuoan | | 100% |

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Tayahin |
|---|---|---|
| c | e | b |
| d | c | a |
| d | d | a |
| d | b | d |
| d | a | c |

# *Sanggunian*

hhttps://philippineculturaleducation.com.ph/ang-kiuokok

hhttps://philippineculturaleducation.com.ph/monon-salinta-b/

Revised Learning Materials in Araling Panlipunan 3, 2019 published pp. 230-239.

Heiden C. Anorico  at Alma M. Dayag, Lakbay ng Lahing Pilipino 3 Phoenix Publishing House, Page 201, 2009 , Page 201.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph